

# 1

*Something is wrong. Something is really wrong.*

*Oh, shut up, Maria Alyanna! saway ni Yanna sa sarili. What the hell is wrong with you?*

Napabuntong-hininga siya; marahang hinaplos niya ang silk na damit-pangkasal na maingat na nakalatag sa kanyang four-poster bed. Designed by one of the country's finest and highest-paid wedding couturiers, it was the most beautiful wedding gown she had ever seen.

The reception, the flowers, the food—everything, down to the littlest details, was more than ready. Iyon ang siniguro sa kanya ni Gabriel.

Pero bakit kinakabahan pa rin siya? Bakit pakiramdam niya ay may di magandang mangyayari?

*Dahil hanggang ngayon ay di ka pa rin sigurado sa gagawin mong pagpapakasal kay Gabriel!*

*Oh, shut up!* kaagad niyang bawi nang mapagtanto ang itinatakbo ng kanyang isipan. *Nonsense wedding jitters!* aniya sa sarili para patahimikin ang konsyensya.

Mahal niya si Gabriel at sigurado na siya sa

gagawing pagpapakasal dito. Hindi tatagal ng limang taon ang kanilang relasyon kung wala siyang malalim na damdamin para rito.

Ano pa ba ang mahihiling niya? Na kay Gabriel na ang lahat ng katangiang gusto ng isang babae sa isang lalaking mapapangasawa. Ito ang mapagmahal na lalaking nakilala niya. Kabilang ito sa mga pinakabata at pinakamatagumpay na pangalan sa business world sa Pilipinas.

Ang namayapang ina nito, si Señora Kassandra, ay may bahid ng Mexican blood at namana rito ng lalaki ang pagka-mestisahin ng matanda. Dahil doon, isa si Gabriel sa mga most sought-after bachelors sa ngayon. A perfect choice, wika nga.

Masuwerte na nga siya kung tutuusin. Si Yanna na isa lamang hamak na ulilang-lubos at wala pang kahit na anong kayamanang maipagmamalaki ay napakasuwerte nang mahal in ng isang Gabriel Ramones.

Ngunit bakit sa kabila ng lahat ng iyon ay ganito ang nararamdaman niya?

*My God, Maria Alyanna! Bakit mo ba pinapahirapan ang sarili mo? Bakit mo ba ginugulo ang sarili mong isipan? Wedding jitters nga lang 'yan, di ba? Wedding*

*jitters!* pagdidiin niya.

Ang sunod-sunod na pagkatok sa pinto ng kanyang silid ang tila biglang nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan.

“Ria, gising ka pa ba?” Boses iyon ni Nanay Clara. Ito na ang nagsilbi niyang ina mula nang magkasabay na pumanaw ang kanyang mga magulang. Maliban sa namayapang mag-asawa ay ito lamang ang tumatawag ng ‘Ria’ at ‘Anak’ sa kanya.

“Gising pa po, ‘Nay. Pasok po kayo, di po naka-lock ‘yan,” aniya.

Bumukas ang pinto at iniluwa niyon ang papasok na babaeng nasa cincuenta años ang edad.

“Di po kasi ako makatulog, ‘Nay. Kung anu-ano na po tuloy ang tumatakbo sa utak ko. ‘Kainis!” tila batang sumbong niya.

“Naku! Ganyan talaga pag ikakasal, di makatulog.” Umupo ito sa tabi niya. “Wag ka na nga lang mag-isip ng kung anu-ano at kailangan magandang-maganda ka bukas. Tingnan mo ‘tong gown mo, que ganda-ganda! Bagay na bagay sa ‘yo ‘to. Magmumukha kang prinsesa,” sabi nito.

Natawa siya.

“Sa tingin mo, ilang baka kaya ang kayang bilhin ng gown na ‘to? Daan-daan siguro, baka buong rancho pa!” patuloy nito.

Ganoon siya kamahal ni Gabriel at alam iyon ng maraming tao. At ni minsan sa loob ng limang taon nilang pagiging magnobyong ay wala pa siyang naalalang insidente na pinaiyak siya nito. Ni isang beses. Ganoon siya nito kamahal. Hindi katulad ni....

*Oh, shut up!* kaagad niyang saway sa sarili. Baka kung saan-saan na naman mapadpad ang kanyang isipan.

“Matulog ka na, anak, at maaga ka pang gigising bukas. Anong oras nga ba darating sina Señorito Gabriel at Ma’am Nilda bukas?” anito na ang tinutukoy ay ang kaisa-isang kapatid ni Señor Miguelito, ang namayapang ama ni Gabriel. Ito na lamang ang nag-iisang malapit na kamag-anak ng nobyo. Maliban kay....

“Maago ho siguro,” mabilis na saad ni Yanna para putulin ang tinutumbok ng kanyang isipan. Mahirap na, baka kung saan-saan pa magsusuot. Napakalikot kasi nito nitong nagdaang mga araw. Ang nakakainis pa, kung ano pa iyong ayaw niyang isipin, iyon pa ang palaging ipinapaalala sa kanya.

Kasalukuyang nasa Maynila si Gabriel at may mga last-minute details na inaasikaso, ilang araw rin nitong maiiwan ang mga negosyo. Lilipad kasi sila ng Paris pagkatapos ng kanilang kasal para sa kanilang honeymoon.

Dito mismo sa *Hacienda Ramones* gaganapin ang kanilang kasal bukas. Iyon ay sa kagustuhan na rin niya.

“Hala, sige. Lalabas na ako’t nang makapag-byutipul rest ka na,” ani Nanay Clara, sabay tayo.

Napangiti siya. “Beauty rest ho.”

“Wateber.”

“Nay Clara, ha? May pa-whatever-whatever na kayo ngayon. Saan n’yo po nakuha ‘yan?” natatawa niyang saad.

“S’an pa, di d’un sa bago kong bespren,” anito habang pinipihit pabukas ang seradura ng pinto.

“Sinong best friend?” habol niya.

“Si Cynthia!” narinig niyang sigaw nito mula sa labas ng noon ay nakasara nang pinto.

*Sinong Cynthia?* Napaisip siya. May bago bang maid sa villa?

Bahagya siyang napaigtad nang tumunog ang kanyang cellphone.

Napakunot-noo si Yanna nang makita ang caller ID. Bakit naka-voice call lang si Gabriel? Nasanay kasi siyang video call lagi ang gamit nito. Madalang kasi itong makauwi ng hacienda dahil nasa Maynila ang karamihan sa mga inaasikaso nitong negosyo. As to console himself, he used video calls most of the time. Para naman daw di siya nito masyadong ma-miss.

“Oh, bakit gising ka pa?” aniya sa mouthpiece.

“Yanna...”

Something was wrong, she knew. He rarely called her by her name. It was always ‘Angel’, his term of endearment for her. And his voice was telling her, too, that something, indeed, was wrong.

“Yeah? May... may problema ba?” usisa niyang kumakabog ang dibdib.

“I’m at *St. Luke’s* right now.”

“*St. Luke’s Medical Center*? Oh, my God! What happened? Are you okay?” Nakadama siya ng panic dahil sa sinabi nito.

“Si Tita Nilda...”

“Bakit? Ano’ng nangyari sa kanya?”

“She has...” Nagpakawala muna ito ng isang malalim na buntong-hininga bago nagpatuloy, “She’s gone.”

“What do you mean ‘gone’?” Kumunot ang noo niya.

“She... s-she passed away. J-just now. Maybe five minutes ago or so. Heart attack, I think. I d-don’t know. I’m not sure. The doctors haven’t released any statement yet,” he said, still disoriented.

Natutop ni Yanna ang bibig. “Oh, my God!”

“We brought her here at the hospital when she complained of chest pains but it was too late,” he continued. “She was declared DOA.”

Napapikit siya. Sa pagkamatay ni Tita Nilda, malabong matuloy ang kasal nila bukas. Nakakalungkot ang nangyari, pero bakit ganoon? Bakit wala siyang makapang panghihinayang sa sarili niyang damdamin sa pagkaka-postpone ng kasal nila? Bakit tila masaya pa siya?

---

Tinanghali ng gising si Yanna. Alas onse na ng umaga ayon sa digital clock na nakapatong sa bedside

table.

Nandito siya ngayon sa mansyon ng mga Ramones sa Makati, sa sarili niyang silid dito. Hindi na iba ang turing sa kanya ng pamilya Ramones kahit na dati pa. Isang patunay ang pagkakaroon niya ng sariling silid dito sa mansyon gayong madalang naman siyang lumuwas ng Maynila.

She was even treated by Señor Miguelito as his own daughter. At kahit noong nabubuhay pa ang asawa nitong si Señora Kassandra ay mabait din ito sa kanya. Si Tita Nilda lang ang medyo mabigat ang loob sa kanya.

Pero dati naman ay mabait ito sa kanya, noong bago pa sila naging magkasintahan ni Gabriel. Nagbago lang ang pakikitungo nito sa kanya noong naging 'sila' na nga ng lalaki. Lalo na noong itakda na ang kasal nilang dalawa.

At hanggang sa kahuli-hulihang sandali ng buhay nito ay tila ipinapahiwatig pa rin nito ang matinding pagtutol sa pagpapakasal nila. She should have been Mrs. Gabriel Ramones by now kung hindi lang sa biglaan nitong pagkamatay.

Pinilit niya ang sariling bumangon para tunguhin ang banyo. At sa tulong ng maligamgam na tubig ay



tila himalang muling nagbalik ang enerhiya niya sa katawan. Nang makapag-ayos ng sarili ay lumabas siya ng silid.

Binaybay ni Yanna ang magarang hagdanan pababa para makapag-almusal na siya. Kung gaano ka-antique ang *Villa Ramones*, ganoon din kagara at kamoderno ang mansyong ito. Everything boasted fortune.

Kung pagkukumparahin ang mala-palasyong bahay na ito at ang villa, higit na gusto niya ang *Villa Ramones*.

Nagtungo siya sa veranda para hintayin ang ipinahanda niyang agahan. Doon ang paborito niyang lugar sa mansyon.

Tanaw mula rito ang malawak na hardin. She liked the way it was landscaped. Napakagandang pagmasdan ang ornamental plants lalo na iyong mga halamang namumulaklak na kung saan-saan itinanim. At gustong-gusto niyang tingnan iyong water fountain sa gitna nito. Para itong maliit na replica ng mga water fountains sa Italy. Napakaromantikong tingnan.

Para itong isang munting paraiso. Animo'y pinilas mula sa pahina ng mga story books niya dati. She could almost imagine princes and prinsesses dancing

around here during a masquerade ball under a moonlit sky.

*Quit being a hopeless romantic, Yanna!* she scolded herself. *Ikakasal ka na't lahat, para ka pa ring schoolgirl kung mag-isip!*

It was her late mother who introduced her to the world of princes and princesses, of glass slippers and flying carpets, of fairy godmothers and masquerade balls. It was *her* who made her loved the world of fairy tales.

Well, that was before. Back when she was just a little girl. Back when she still believed that life, indeed, was a fairy tale.

Pero matagal na iyon—matagal na matagal na. Nang magkasabay na pumanaw ang kanyang mga magulang at naiwan siyang mag-isa sa kalinga ng mga taong di naman niya kaanu-ano, she realized that life in reality was way, way different from the fantasy books had made her believe in. At nang naglaho sa buhay niya ang taong inakala niyang 'Prince Charming' ay tuluyan nang naglaho ang kahuli-hulihang rason kung bakit pa siya naniniwala sa fairy tales.

“How are you, Princess?”

## 2

Sa isang kisapmata ay nagawang makaikot ni Yanna paharap sa direksyong pinanggagalingan ng pamilyar na boses na iyon. And to her great surprise, there stood the last person she expected to crossed paths with again. Ang kaisa-isang taong tumatawag sa kanya ng 'Princess'.

“I am not a ghost if that’s what you’re thinking. See? I’m very much alive,” anito habang kinukurot ang sariling pisngi. And he still had the very same devilish smile that used to drive her heart into a somersault before, she noticed. And to her horror, it still did!

“What are you doing here?” aniya nang makabawi mula sa matinding pagkagulat.

Mikael stepped a little closer to her, making her stepped back in an instant, only to find herself sandwiched between him and the balustrade that separated the veranda from the garden.

“I missed you, too, Yanna,” he said sarcastically in her ear, his warm breath lightly fanning her face. At bigla-bigla ring naging eratiko ang pintig ng kanyang

puso.

Hindi siya nakapagsalita. Daig pa niya ang namaligno.

“See you around,” muli nitong bulong nang hindi siya nagsalita.

At bago pa siya maka-react ay tumalikod na ang binata at iniwan siyang mag-isa.

My God! She had goosebumps all over! And her heart was still very much erratic!

“Oh, gising ka na pala,” puna ni Gabriel.

Napapitlag si Yanna. Hindi kasi niya napansin ang pagdating nito. Ni hindi nga niya alam kung ilang minuto na ang nakalipas mula nang iwan siya roon ni Mikael.

“What happened?” anito. “Bakit para kang nakakita ng multo?”

“D-dumating ka na pala.” Lumapit siya rito para gawaran ito ng halik sa pisngi. “Have you eaten?” aniya pagkatapos.

“Tapos na. Ikaw, nakapagpananghalian ka na ba?”

“Uhm... kakain pa lang ako. Oh, here's my food.”

Hindi pa rin normal ang tibok ng puso niya dahil sa naging engkuwentro nila ni Mikael kani-kanina lang.

Inilapag ng maid ang tray sa ibabaw ng wrought-iron na mesa at saka ini-arrange ang mga pagkain.

“M-may... may dumating bang mga kamag-anak ninyo?” aniya nang magsimula na siyang kumain.

“Just distant relatives. Why?”

So, wala pa pala itong kaalam-alam sa pagbabalik ni Mikael. Ayaw naman niyang siya ang magbalita rito tungkol sa pagbabalik ng nag-iisa nitong kapatid. Hindi naman ito magtatatalon sa tuwa sa malalaman. Binilisan na lamang ni Yanna ang pagkain nang di na niya kailangang makipagkuwentuhan dito.

“You are really starving, aren't you?” puna nito.

*If you only knew, Gabriel. If you only knew.*

---

Nasa lamay na si Mikael nang dumating sina Yanna at Gabriel. Kaagad na lumatay sa mukha ng nobyo ang matinding pagkagulat pagkakita sa kapatid.

Nakita rin sila kaagad ng binata ngunit tila hindi

ito apektado.

“Ano’ng ginagawa ng bastardong iyan dito?” pigil-galit na saad ng fiancé niya.

“Hon, don’t do anything foolish,” mabilis na awat ni Yanna. She knew how much he hated Mikael. And vice versa.

Lihim na lamang siyang nagdasal na sana ay hindi ito lumapit sa kanila. Pero bigo siya dahil nakita niyang naglalakad si Mikael patungo sa kanilang kinaroroonan.

Napagpasyahan niyang manatili sa tabi ng nobyo. Both men hated each other so much. Mahirap na, baka magbasagan pa ng bungo ang mga ito nang wala sa oras.

“How are you, dear bro?” ani Mikael na nakangisi. Kalmado ito at tila nakikipagbatian lamang sa isang matagal nang kakilala.

“Buhay ka pa pala!” pigil-galit na sagot ni Gabriel.

She could feel the tension grew between both men. Pakiwari ni Yanna ay nanuyong bigla ang kanyang lalamunan. Hindi niya alam kung dahil ba iyon sa nararamdamang tensyon sa pagitan ng dalawang lalaki o dahil sa muli nilang paghaharap

ni Mikael. It had to be the first reason, she decided.

“Luckily, I still am,” tugon nito habang muling ngumisi.

Nagtiim-bagang si Gabriel. “Oo nga naman. Matagal nga palang mamatay ang masamang damo.”

“Especially when they have *unfinished* business,” salo ni Mikael habang nakatitig sa kanya. Naging dahilan iyon ng muling paggalaw ng mga panga ng kapatid. “Nice to see you again, Yanna,” muling saad nito.

She held her breath and crossed her fingers. Hindi nito maaaring banggitin ang tungkol sa pagkikita nila kaninang umaga!

“Pasensya na kung nagulat man kita kanina,” patuloy nito.

*Oh, shit!* lihim siyang napamura. He said it for Gabriel’s benefit, she knew. Damn him!

At hindi naman ito nabigo dahil kaagad na bumaling ang nobyo sa kanya. At base sa reaksyong nakasulat sa mukha nito ay hindi ito natutuwa sa nalaman.

“Nagkita na kayo kanina?” anito sa kanya. It was actually more of an accusation than a question.

She wanted to kill Mikael for putting her in trouble.

“Y-yeah. It was... uhm... just a brief encounter. Ni hindi nga kami nakapag-usap nang matagal... doon sa veranda... bago ka dumating. Nagulat nga rin ako. I didn’t know that he’s here,” nagkakandabulol-bulol niyang paliwanag. Hindi iyon nakatulong para pahupain ang galit sa mukha ni Gabriel.

“I just said ‘hi’,” Mikael butted in. “I didn’t see anything wrong with that. Hindi naman siguro masamang mangumusta sa isang dating...” He paused, giving her a meaningful look. “...kaibigan,” pagtatapos nito.

Hindi sumagot ang kapatid, patuloy lamang ang paggalaw ng mga panga nito.

“Hindi na rin naman iba si Yanna sa akin. Di ba, Yanna?” patuloy ng lalaki.

Napaungol siya. Naghahanap ba talaga ito ng gulo?

“I’ve heard that you should have been my sister-in-law by now if not because of Tita Nilda’s sudden death,” anito habang sa kanya pa rin nakatingin.

Kaagad siyang nagbawi ng tingin nang maalarma



sa biglang pag-iba ng pintig ng kanyang puso.

“Mabuti nama’t alam mo na pala ang tungkol sa bagay na ‘yan.” Si Gabriel ang sumagot dito. “So you wouldn’t dare touching a finger on her!”

“Bakit, Gabriel? Scared of your own shadow?” ani Mikael dito.

“You bastard!” Susuntukin na sana ito ng kapatid kung hindi lang siya naging maagap.

“Gabriel, no!” pigil niya rito. “Let’s get out of here. Please.”

Gabriel hesitated for a while. Ngunit pumayag din itong igiya niya palabas.

Naramdaman niyang sinundan sila ng tingin ni Mikael. She felt the urge to look back. And so she did.

Saglit na naghinang ang kanilang mga mata. And she saw a turmoil of emotions peeping through his eyes.

She assessed her own feelings. Different emotions were battling their way out of her own heart. Emotions she couldn’t hardly name. Isang bagay lang ang sigurado; she missed him, too. Maski alam niyang hindi dapat, masaya siyang nagbalik na si Mikael.

Nang lulan na sila ng kotse ni Gabriel pauwi sa mansyon ay kinompronta siya nito.

“Dapat sinabi mo pa rin sa akin! Hindi ‘yung pinagmumukha mo akong tanga!” Halos magpanting ang mga tainga ni Yanna sa lakas ng boses nito.

“I’m so sorry. Hindi ko naman intensyong pagmukhain kang tanga. Hindi ko lang talaga alam kung pa’no sabihin sa ‘yo. Isa pa’y alam ko kasing di mo ikatutuwa ang pagdating ni...” Saglit muna siyang tumigil bago nagpatuloy, “niya.” Bakit tila kay hirap pa ring banggitin ang pangalan ni Mikael?

“But you should have told me still!” For the second time around, he shouted at her. And it shocked her.

“I know. And I’m sorry.”

Bakit ba ito nagagalit nang ganoon sa kanya? Hindi tuloy niya maiwasang makaramdam ng tampo rito. Lalo na’t hindi siya sanay na nagagalit si Gabriel sa kanya. And as far as she remembered, this was the first time he shouted at her, dalawang beses pa. At hindi niya makita ang punto kung bakit sa kanya nito ibinubunton ang galit sa pagbabalik ni Mikael.

What’s wrong with him? Bakit ganoon na lamang ito kaapektado sa pagbabalik ng bastardong kapatid?

He hated him, all right. But to freak out?

Hindi na lamang siya nagsalita. Ayaw niyang palalain ang sitwasyon.

Hanggang sa makarating sila ng mansyon ay wala pa rin silang imikan. Naguguluhan na tuloy siya kung ano ba talaga ang tumatakbo sa utak nito. Para kasing napakalalim ng iniisip ni Gabriel. He looked troubled.

“I can’t join you for dinner,” anito nang paakyat na sila ng hagdanan. “May imi-meet akong client.” Iyon lang at lumiko na ito pakaliwa kung saan naroroon ang silid nito.

Saglit siyang natigilan. He was really acting weird.

---

Naalimpungatan si Yanna dahil sa walang tigil na pagkatok sa pinto ng kanyang silid. Nakatulog pala siya, hindi niya namalayan.

She rubbed her eyes for a clearer vision. Lampas alas siete na pala ng gabi, ayon sa digital clock na nasa kanyang night table.

Baka si Gabriel ang nasa labas. Hindi marahil natuloy ang dinner nito kasama ang kliyente. Baka

gustong mag-sorry sa kanya dahil sa nangyari kanina, naisip niya habang inaayos ang sarili.

Ganoon naman ito lagi. Kahit nga siya ang may kasalanan, ito pa rin ang nagso-sorry. All complete with chocolates and flowers.

Ngunit nang magbukas siya ng pinto ay walang tsokolate o bulaklak na naghihintay sa kanya. Worse, hindi si Gabriel ang napagbuksan niya kundi si Mikael.

“What are you doing here?” usisa niya.

“Alam mo bang pangalawang beses mo nang itinanong sa akin ‘yan?” anito. Looking so handsome in a light blue long-sleeved polo na naka-fold ang mga manggas hanggang sa siko nito at nakabukas ang dalawang pang-itaas na butones, giving her a peek on his broad chest.

*Shame on you, Yanna!* pagalit niya sa sarili nang mapansin kung saan napadako ang kanyang mga mata. She dragged her eyes back to his face.

“O gan’un na talagang bumati dito sa Pilipinas?” she heard him continue.

She could see fine lines on his face, reminding her that he was no longer the same Mikael she had fallen

madly in love with before. Tumanda na ito ng ilang taon. Ipinapaalala lamang nito sa kanya na marami nang nagbago, hindi lamang ang edad nilang pareho.

“No. It’s just my way of saying ‘you have no business in here’,” she bluntly said, trying to stay focused.

Pero hindi naman nakabawas sa kaguwapuhan nito ang mumunting linya sa mukha tanda na hindi na rin ito teenager, naisip niya habang patuloy itong pinag-aaralan. Bagkus ay mas lalo lamang iyong nakadagdag sa appeal nito. He looked more manly now. More dangerous.

“Oh, yes. Hindi ko naman nakakalimutan ang bagay na ‘yan.”

“W-what are you saying?” She lost track of their conversation.

“Na wala talaga akong karapatan sa bahay na ito. You don’t have to remind me about that everytime we bump into each other.” There was pain in his voice.

“N-no, that’s not what I meant,” aniya.

“Hindi ko naman inaangkin. I’m just here to pay my last respects to Tita Nilda,” patuloy nito.

“That’s not what I meant,” pag-uulit niya.

Saglit itong tumitig sa kanya na naging dahilan ng bigla niyang pagka-conscious.

“D-dito sa silid ko ang ibig kong sabihin. You have no business here in my room,” aniya para pagtakpan ang pagkaasiwang nararamdaman.

“I know,” anito. “May gusto lang akong malaman.”

And to her surprise, he crossed the distance that separated them in a blink of an eye. And before she knew it, his lips were already on her own, claiming them like he had every right to do so.

His arms snaked around her waist, giving her no chance to escape. And almost instantly, her whole body reacted. Her whole system welcomed the somewhat familiar feeling his kiss was giving her. And it felt so good. So right.

She knew she wasn't supposed to be kissing him back. But she was!

She was returning the passion he was letting her feel—willingly. She was kissing him back like it was the most natural thing to do.

His other hand ran to her nape, pulling her closer. And as a response, she opened her mouth a little

wider, allowing him more access.

“I missed you, Princess. I missed you so much,” she heard him whisper.

*I missed you too, Mikael*, her reply died in her throat as he claimed her mouth again in a head-spinning kiss that she, again, welcomed with an equal passion.

Ang apoy na tila bumalot sa kanila nang mga sandaling iyon ay biglang naglaho dahil sa isang malakas na ingay. At iyon ang nagpabalik sa kanila sa realidad.

### 3

Halos magkasabay silang napalingon sa direksyong pinanggalingan ng ingay na iyon. At nakita nila ang isa sa mga katulong na nakatayo may dalawang dipa mula sa kanila. And the broken vase at her feet explained the loud crash they just heard.

“Sorry po, sorry po.” Dali-dali nitong pinagpupulot ang mga basag na piraso.

Sumunod ang pagbagsak ng pinto ng silid ni Yanna. She slammed the door closed right into his face.

*Great! Just great!*

Natapos ng katulong ang pagpulot sa mga piraso ng nabasag na vase. “Pasensya na po talaga, Señorito.” Yumuko ito bago tuluyang nilisan ang lugar.

*Señorito.* It felt strange to his ear now. Huminga nang malalim si Mikhael at pinakawalan sa bibig ang hangin na pumuno sa kanyang baga. *Señorito,* pag-uulit niya.

It brought back a lot of memories. Bittersweet memories....



*“Sorry po, Señorito. Di ko po sinasadya.”*

*Mula sa nabasang damit ni Mikael ay nalipat ang tingin niya sa dalagitang nagsasalita. Labing-siyam na taong gulang pa lamang siya noon at unang beses niyang makapunta sa hacienda ng taong nagpakilalang ama niya, si Señor Miguelito Ramones.*

*“Naku, Ria, ano’ng ginawa mo?” anang may-edad na babae na sumulpot mula sa kung saan. “Ikukuha ko na lang po kayo ng tuyong damit, Señorito,” baling nito sa kanya bago umalis. Naiwan silang muli ng dalagita.*

*“Pasensya na po ulit, Señorito,” narinig niyang muling paghingi ng paumanhin ng kaharap.*

*Tila nagpapanting ang kanyang tainga kapag naririnig niya ang salitang iyon Parang nakakatawang pakinggan. Sa telebisyon lang naman niya napapanood ang ganoon. Sino ang mag-aakalang siya na isa lamang hamak na anak ni ‘Francina na Magtataho’ ay maranasang matawag na ‘Señorito’? Kung maririnig lamang ito ng mga katropa niya sa Tondo ay tiyak na katakot-takot na kanyaw ang kanyang aabutin.*

*Muling natuon sa kaharap ang atensyon ni Mikael. Bahagya itong nakatungo kaya di niya masyadong maaninag ang mukha nito. Ngunit sa tantya niya ay*

nasa labing-isa o labing-dalawang taong gulang pa lamang ito. Medyo patpatin, hindi maputi pero hindi rin maitim.

“Nanay mo?” aniya na ang tinutukoy ay ang kaaalis pa lamang na may-edad na babae.

Nagtaas ito ng tingin at nahihiyang ngumiti. “Si Nanay Clara? Hindi po. Patay na po pareho ang mga magulang ko.”

May mukha naman pala. P’wede na, sa loob-loob niya nang makita ang hitsura nito. “Talaga? Pareho pala tayo.”

“Ho? Na ulila po? Di po ba si Señor Miguelito po ang tatay n’yo? Magkahawig nga po kayo, eh,” komento nito.

Nagkibit-balikat siya. “Sabi niya. Ilan taon ka na nga ba?” pag-iiba niya sa usapan. “Parang napakabata mo pa para maulila. Sino’ng nag-aalaga sa ‘yo ngayon? May mga kapatid ka?” sunud-sunod niyang tanong.

Hindi niya alam kung bakit pero palagay na kaagad ang loob niya sa dalagita. O marahil ay natutuwa lamang siya dahil sa wakas ay may makakausap na siya. Simula kasi nang dumating siya rito kanina ay pulos pader na ang nakakaharap niya.

*“Labing-lima po.”*

*“Labing-lima lahat ang mga kapatid mo? Ang konti, ha!”*

*Humagik hik ito na naging dahilan ng paglabas ng mga mumunting biloy nito sa pisngi.*

*Hmm... Cute. Napangiti rin si Mikael.*

*“Hindi po, Señorito. Mag-isa lang po ako. Edad ko po ang ibig kong sabihin, fifteen.”*

*“Ah...” Fifteen na naman pala, p’wede na.*

*“Matagal na po akong ulila. Sampung taon pa lamang po ako nang mamatay ang mga magulang ko. Inampon po ako ni Señor Miguelito. Pero si Nanay Clara po ang nag-aalaga sa akin. Dito rin po siya nagtatrabaho sa hacienda.”*

*“Talaga?”* aniya. *“Mahilig pala talagang magampon ng mga ulila ang kalbong ‘yun.”* Humagik hik ito na ikinapagtaka niya. *“Bakit?”*

*“Wala po,”* anito habang pilit pinipigilan ang pagtawa.

*“Bakit nga? Ano’ng nakakatawa?”* kulit niya.

*Umiling ito. “Wala po. May naisip lang po kasi ako.”*

“Wag mo na akong popoin. Nineteen lang ako, hindi pa ako matandang uugud-ugod. ‘Tsaka ano nga’ng nakakatawa?”

“Na-i-imagine ko lang po kasi ang mukha n’yo pagtanda. Magiging kalbo din po siguro kayo. Magkamukha kayo ni Señor Miguelito, eh,” pahayag nito at nagsimula na namang tumawa.

Mas maganda pa pala ito pag tumatawa, puna niya. Naniningkit ang mga mata, tila nakikitawa rin.

“Pero guwapo yata ako.”

“Guwapo rin naman po si Señor, ah. Kalbo nga lang.”

Sabay silang nagkatawanan.

“Ria di ba?” sabi niya.

“Yanna,” tila nahihiya nitong pagtatama.

“Gan’un ba? Akala ko kasi Ria. ‘Yon kasi ang narinig kong tawag sa ‘yo ng nanay-nanayan mo.’”

“Maria Alyanna kasi ang buo kong pangalan kaya ‘Ria’ ang tawag sa akin dati nina Tatay at Nanay. Galing iyon sa ‘Maria’, pero ‘Yanna’ talaga ang palayaw ko. Si Nanay Clara na lang ang tumatawag ng ‘Ria’ sa akin ngayon.”

“Mikael,” pagpapakilala niya, sabay lahad ng kanyang kamay.

Saglit na nag-atubili ang dalagita bago tuluyang tinanggap ang kanyang pakikipagkamay. Nasa ganoon silang posisyon nang...

“Yanna!”

Sabay silang napabaling sa bagong dating. Lalaki. At tantya niya ay mas bata ito sa kanya nang kaunti.

“Señorito Gabriel! Dumating na po pala kayo. Mabuti naman po at tinupad n’yo ang pangako ninyong dito magsi-sembreak,” ngiti nitong bati sa bagong dating.

At hindi alam ni Mikael kung bakit, pero nakaramdam siya bigla ng selos.

Inilipat niya ang paningin sa lalaking tinawag na ‘Gabriel’ na noon ay papalapit na sa kanila. Sa kanya rin ito nakatingin pero magkasalubong ang mga kilay.

Ito pala ang anak ng kalbong iyon, naisip niya. Ang nag-iisa umanong anak ni Señor Miguel na nasa ikalawang taon na ngayon sa kolehiyo at sa Maynila nag-aaral. Hindi niya maintindihan pero tila naaasar siya rito gayong ngayon pa lamang sila nagkita.

“Sino siya?” anito kay Yanna habang ang mga

*mata ay sa kanya nakatuon. Mukhang hindi rin siya gusto nito. So, ito pala ang tinatawag nilang lukso ng dugo.*

*“Si Señorito Mikael po, kapatid ninyo.”*

*At kitang-kita niya ang paglatay ng matinding pagkagulat sa mukha nito.*

---

*“Pa, he can’t be my brother!” narinig niyang sabi ni Gabriel.*

*Nasa library sila—siya, si Señor Miguelito, si Gabriel at dalawa pang hindi niya nakikilalang mga babae. Isa marahil sa mga ito ang asawa ng kanyang ama.*

*Tahimik lamang si Mikael sa isang tabi habang pinakikinggan ang pagtatalo ng mag-ama.*

*“But he is!” ani Señor Miguel dito.*

*“I didn’t even know that I have a brother!” balik nito.*

*“That’s why we are telling you now! Look, Gabriel, you’re a man now, don’t act childish! You should learn to deal things the mature way!”*

*“That’s bullshit!”*

*“Watch your language, Gabriel!” sabad ng isa sa dalawang babae, iyong mestisahin at mas maganda. “I already told you, this isn’t a good idea,” baling nito kay Señor Miguelito.*

*“And what’s the better idea, Kassandra? Ang pabayaan ko si Mikael sa lugar na ‘yon? Patay na si Francia, I can’t let him stay there alone. That place is a slum!” sagot ng asawa.*

*“But he’s a slumdog! He belongs there!” sabad ni Gabriel.*

*“Shut up!” pagalit ng señor sa anak.*

*Lintik! Sino ba kasi ang nagsasabing gusto kong tumira dito! Kung ayaw nila sa kanya, mas lalong ayaw niya rito. Si Señor Miguelito ang mapilit na dalhin siya sa lugar na ito. Hindi niya talaga ito kilala. Bigla na lang itong sumulpot nang mamatay ang nanay niya, nagpakilalang ama raw niya.*

*“Oo nga naman, Kassandra. Anak din ni Kuya si Mikael. Hindi maganda kung pababayaang lamang niya ito,” sabad ng ikalawang babae.*

*“Hindi ko sinabing pabayaang lamang niya,” sagot ni Señora Kassandra. “He can send him to a boarding school in Manila.”*

*“He’s not going anywhere! Anak ko rin si Mikael kaya mananatili siya dito. Gusto kong makita niya kung papa’no pinatatakbo itong hacienda. Balang araw ay hindi kakayaning mag-isa ni Gabriel ang lahat ng mga negosyo ko. Sa ayaw nila’t sa gusto, pagtutulungan nilang patakbuhan ang mga ito.” Bumaling si Señor Miguel kay Gabriel. “Malaki ang mansyon natin sa Maynila, hijo. You can have it all by yourself.”*

*Hindi ito makapaniwala sa narinig. “You are driving me out of here?”*

*“I just wanted to give you both enough spaces.”*

*“Never!” Padabog itong tumayo. “I can’t let that bastard have this hacienda!” At lumabas na ito ng library. Kaagad na sumunod dito iyong Cassandra na base sa itinakbo ng usapan ay nakilala niyang asawa ni Señor Miguelito.*

*“Ikaw na ang bahala sa kanya, Nilda,” sabi ng kanyang ama sa babaeng naiwan at lumabas na rin ito ng silid.*

*Naiwan ang dalawa. Saglit na naghari ang katahimikan sa loob ng library. Mayamaya ay binasag iyon ng babae.*

*“Ako si Tita Nilda,” malumanay na pakilala nito sa sarili habang lumalapit sa kinauupuan niya. “Kapatid*



*ako ng papa mo.”*

*Hindi umimik si Mikael. Tumitig lamang siya sa nagpakilalang tiyahin. Hindi niya alam kung dapat ba niya itong pagkatiwalaan.*

*“Kilala ko si Francia,” anito pagkuwan at nakuha noon ang kanyang atensyon.*

*“Kilala n’yo po si Nanay?” paniniguro niya.*

*Ngumiti ito, tila bukal sa loob. “Oo, magkaibigan kami dati. Halika, ituturo ko sa ‘yo ang magiging silid mo.”*

*At noon niya nalaman ang kuwento sa likod ng kanyang pagkatao.*

*Ayon dito, bata pa lamang ang kanyang ina ay nagtatrabaho na ito sa hacienda. Doon na nga ito nagdalaga. Sa katunayan ay ito ang kasama ni Tita Nilda sa Maynila noong nag-aaral pa ito ng kolehiyo. Kaya nga naging magkaibigan ang dalawa. Naging higit pa sa isang katulong ang naging turing ni Tita Nilda rito.*

*At hindi rin daw naging lingid sa kaalaman nito na may lihim na pagtingin si Francia sa Kuya Miguelito nito.*

*Hindi naglaon ay ikinasal si Miguelito sa katipan*

nitong si *Kassandra*. Ngunit lumipas na ang limang taon ay hindi pa rin nagkaanak ang mag-asawa.

Noon nabuo ang relasyon ni *Miguelito* kay *Francia*. Anak lang talaga ang habol dito ng lalaki. Sa katunayan ay alam ni *Kassandra* ang namumuong ugnayan sa pagitan ng asawa at ni *Francia*.

Nagbunga ang relasyon ng dalawa at siya na nga iyon. Kinausap ng mag-asawa ang kanyang ina; gusto siyang kunin ng mga ito sa sandaling maipanganak na siya. Babayaran ng malaking halaga si *Francia* kapalit ng pagpapakalayo nito.

Pumayag ang ina niya. Ngunit hindi ito tumupad sa usapan. Tumakas ito noong walong buwan na siya sa sinapupunan nito.

Hinanap sila ni *Miguelito*, pero hindi sila natagpuan. Pagkalipas ng isang taon ay tumigil na rin ito sa paghahanap lalo na't nabuntis na ang asawa nito kay *Gabriel*.

"I have to leave you now," ani *Tita Nilda* matapos siya nitong mailibot sa magiging silid niya. "Feel at home." Pagkasabi niyon ay umalis na ito.

Feel at home? Hindi alam ni *Mikael*, pero pakiramdam niya ay hinding-hindi siya magiging 'at home' sa lugar na ito.